4 Suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay (seikatsu hogo)

4-2 Suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay (seikatsu hogo)

Depende sa pangangailangan, mayroong iba’t-ibang uri ng tulong para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

● **Mga uri ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay (seikatsu hogo)**

Uri ng sustento	Nilalaman
Sustento sa pamumuhay	Gastusin sa pagkain, damit, at iba pang pangangailangan sa pang-araw-araw
Sustento sa pabahay	Paupa sa bahay at lupa, gastusin sa pagpapaayos at pananatili ng bahay
Sustento sa edukasyon	Gastusin sa pagpapaaral, kabilang ang bayad sa pananghalian sa eskwela (kyuushoku), kagamitang pang-eskwela, atbp
Sustento sa nursing care	Gastusin sa pagtanggap ng nursing care
Sustento sa pagpapagamot	Gastusin sa pagpapagamot, kabilang ang gastusin sa ospital at iba pang medikal na pasilidad, at gastusin sa pagbili ng gamot
Pansamantalang tulong	Para sa mga di-pangkaraniwang pangangailangan, sumusunod ang mga iba pang uri ng sustento. ・Sustento sa panganganak: Bayad sa pagpapaospital at para sa mga kagamitan na kakailanganin sa panganganak ・Sustento sa pagsimula ng negosyo: Gastusin para makasimula ng maliit na negosyo at gastusin para sa training para dito ・Sustento sa pagpapalibing: Gastusin para sa cremation at pag-asikaso ng bangkay ・Sustento para sa mga munting emerhensiya: gamit tulad ng baby diaper o damit na pantulog, panluto at pagkain kung nasunugan ng bahay, pamasahe at pagpapaayos sa bahay sa di-pangkaraniwang sitwasyon, pera pang-deposito at iba pang gastusin sa paglipat ng tirahan, gamit para sa pagpasok sa paaralan, atbp * Limitado at may nakatakdang mga kondisyon at limitasyon sa halagang matatanggap
Mga iba pang uri ng tulong	・Pagpalibre sa bayad para sa serbisyong tubig ・Pagpalibre sa bayad ng accident insurance plan (koutsuu saigai kyousai) ・Pagbibigay ng libreng tiket sa pagsakay ng bus o subway ・Pagpalibre ng bayad sa National Pension Fund ・Pagpalibre sa singil ng NHK